mula sa pinakamatinding peligro ng kanyang buhay, ipagtanggol mo ngayon ang Banal na Simbahan ng Diyos mula sa mga bitag ng kaaway at kasamaan. Balutin mo kami ng pananalig, na sa iyong bawat halimbawa ay mapalakas kami ng iyong kalinga, mabubuhay kami nang banal, mamamatay kami nang may galak, at mapasaamin ang buhay na walang hanggan sa langit. Amen.





PANALANGIN SA ARAW-ARAW NG NOBENA

(Nakaluhod)

NAMUMUNO: Panginoon, aming Diyos, Bukal ng Tanang Biyaya,

BAYAN: Dumudulog ako muli sa iyo sa panalangin, hindi para sa aking pansariling kahalagahan, kundi para sa iyong pagpapala at kabutihan bilang Ama at Maylikha. Sa isang mahirap at nangangailangan, nananalig ako sa iyong pagtulong sa aking pangangailangan at ginhawa sa aking mga pighati. At sa iyong pagyakap sa akin sa pamamagitan ng iyong presensiya, umaapaw ang puso ko sa iyong pag-ibig at kagandahang-loob. Ama, nahulog ako sa kasalanan. Tinalikuran ko ang ugnayan na iyong ipinagkaloob simula ng aking binyag nang pinili ko ang kasakiman. Binagtas ko ang maruming daan na labag sa pagiging anak ng Diyos na tinubos ng dugo ng iyong Anak, sa Kanyang Pagkamatay at Muling Pagkabuhay. Ako'y pumpon ng kahihyan ngunit ang iyong pag-ibig ang nagbibigay ng pag-

asa at kapatawaran upang manumbalik ang biyaya sa aking buhay. Hindi mo ako iniwan, Panginoon kahit tumalikod ako sa iyo, at ang malamyos mong tinig ay hindi humimpil sa pagbulong sa aking puso na bumalik sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo, ang aming Panginoon at Tagapamagitan.

Ngayong napagtanto ko ang iyong kabutihan, ako'y nakabalik na sa tamang diwa at taos-pusong humihingi ng tawad sa aking mga nagawa, upang manumbalik ang nasirang ugnayan sa iyo, Mahal kong Ama, at sa aking mga kapatid. Sa pagpugay sa Mahal na Birheng Maria, ang aming Ina at Tagapamagitan kay Hesus, nawa'y mapahalagahan ko ang Pambihirang Biyaya na ipinagkaloob mo sa akin, si Hesukristo mismo, kung kanino dumadaloy ang lahat ng biyaya. Amen.





Unang Araw

ANG PANGUNGUSAP NG ANGHEL SA BIRHENG MARIA

Tema: Bokasyon

Panalangin para sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Nang ikaanim na buwan na ng pagdadalang tao ni Isabel, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria. Siya’y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki mula sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati nya ito. “Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos,” wika niya. “Sumasaiyo ang Panginoon!”

“Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki, at siya’y tatawagin mong Jesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan.”

“Paanong mangyayari ito, gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipapanganak mo at tatawaging anak ng Diyos. Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Isabel? Alam ng lahat na siya’y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At ngayo’y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalantao – sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos.”

Sumagot si Maria, “Ako’y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi.” At nilisan siya ng anghel. (Lukas 1:26-28, 31, 38)

(Saglit na katahimikan)

Tanging Dasal para sa Unang Araw

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Sa kapayakan ng buhay, ipinatawag ka ng Diyos upang lumahok sa kanyang plano na tubusin ang mundo bilang babae at ina. Dahil sa iyong pagtalima, naging tao ang Anak ng Diyos gaya naming lahat, at sa pamamagitan ng kanyang katawan, matutubos ang tao mula sa kasalanan. O Maria, aming Ina, tulungan mo akong kilalanin ang banal na gawain ng Diyos habang ginagampanan ko ang mga gawain sa aking sariling buhay, sa aking sekular na propesyon, at sa aking personal na trabaho, at iayon sila sa plano ng Diyos na ang Kanyang salita rin ay ‘mangyari sa akin.’ Matuto nawa akong sumunod sa mga plano ng Diyos sa akin at pakinggan ang Kanyang payo sa pamamagitan ng Simbahan. Mailaan ko nawa ang sarili sa Kanya sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang Salita sa Banal na Kasulatan at taos-pusong pagtanggap ng mga sakramento, at ang Salitang matatanggap ko ang mga ito ay maipahayag ko sa pagbabalik-loob at kawanggawa.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67



Pangalawang Araw
ANG PAGDALAW NG
BIRHENG MARIA KAY STA. ISABEL

Tema: Kawang-gawa
Panalangin para sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Hindi nagtagal at si Maria ay nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kabuluran ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Isabel. Nang marinig ni Isabel ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Isabel, at buong galak na sinabi, “Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng Ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan. Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!” (Lukas 1: 39-45)

(Saglit na katahimikan)

Tanging Dasal para sa Ikalawang Araw

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Sa iyong maselang kondisyon, hindi ka nag-atubiling pumunta sa malayong bayan sa bulubundukin

para tulungan ang iyong pinsan, si Isabel. Taglay mo ang karangalan bilang ina ng Anak ng Diyos, pinagpala sa babaeng lahat, ngunit ang karangalang iyon ang lalong nagpamalas ng iyong kabutihan sa mga hinaing ng mahihirap lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan. Dahil sa iyong halimbawa, naipamalas sa amin ang biyaya ni Hesus na ilaan ang aming mga paa sa misyong palaganapin ang Mabuting Balita sa iba. Higit pa sa salita, nawa'y ang pagiging saksi namin ni Hesus ay magbigay ng mabuting halimbawa para sa mga mahihirap at nangangailangan gaya nang iyong ipinamalas sa iyong pagdalaw kay Isabel.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasaalamat, pahina 67





Ikatlong Araw

ANG PAGSILANG NG ATING PANGINOON

Tema: Pagninilay

Panalangin para sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito’y lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang, nagpupuyat sa pagbabantay sa kanyang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon. Natakot sila ng gayon na lamang, ngunit sinabi sa kanila ng anghel, “Huwag kayong matakot! Ako’y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan niyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban.” (Lukas 2:6-12)

(Saglit na katahimikan)

Tanging Dasal para sa Ikatlong Araw

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Sa kabila ng kawalan ng tahanan, ang ligaya sa iyong puso ay hindi natinag ng mga malulungkot na pangyayari na sinapit ng iyong Banal na Pamilya. Kahit batid mo ang katotohanan ng iyong sitwasyon, hindi ka nagkamaling kilalanin ang mapagmahal na presensiya ni Hesus na gumagapi sa lahat ng kaba at takot.

O Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya, gaano kadalas naming pinahihintulutan ang kahirapan ng buhay na nakawin ang ligayang masaksihan ang tunay na gawain ng Diyos. Madalas, mas nakikita namin ang paghihirap kaysa ang kasaganahan ng biyaya ng Diyos na tumutulong sa aming pagpupunyagi. Nakakaligtaan namin na ang Krus ay simbolo ng mga taong pinili ang sumunod sa daan ni Kristo. Tulungan mo kami, Mahal na Ina, na magkaroon ng pananampalatayang gaya mo, para masusog ang tunay na layunin ng Diyos na hindi kayang arukin ng aming isipan, at para magkaroon ng tiwala at mapagnilay na puso, upang sa biyaya ni Hesus at ng Diyos, walang krus ng buhay ang magiging mabigat na pasanin, at ang aming kasalukuyang hinagpis ay hindi maikukumpara sa ligaya na ipinangako ng Diyos sa mga nagtitiwala sa kanya.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67



Ikaapat na Araw ANG PAGDADALA SA TEMPLO SA ATING PANGINOON

*Tema: Mga Pari at Mga Banal na Tao
Panalangin para sa Araw-araw na Nobena, p. 47*

NAMUMUNO: Namangha ang ama't ina ng sanggol dahil sa sinabi ni Simeon tungkol sa kanya. Binasbasan sila ni Simeon, at sinabi kay Maria, “Tandaan mo, ang batang ito ay nakatalaga sa ikapapahamak o ikaliligtas ng marami sa Israel, isang tanda mula sa Diyos ngunit hahamakin ng marami kaya’t mahahayag ang kanyang iniisip. Dahil diyan, ang puso mo’y para na ring tinarak ng isang balaraw.” (Lukas 2: 33-35)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Nang ika’y pumasok sa Templo para sumunod sa utos ng Batas, bitbit mo ang mas higit pa sa kinakailangan: ipinakilala mo sa Ama ang iyong anak, si Hesus, kasama ng iyong sarili bilang paghahanda sa kaligtasang dulot ng Krus. Sa aming pagkahabag at pakikiramay nang Siya ay mamatay sa Krus para sa aming kaligtasan, ikaw ay naging aming Ina sa ngalan ng biyaya.

O Maria, tagapamagitan ng tanang Biyaya, ang birheng nag-aalay ng mga dakilang handog, ipakilala mo ako sa Diyos kung kanino ako nakatalaga mula nang ako'y mabinyagan. Tulungan mo akong mabuhay na isang tunay na Kristiyano sa pamamagitan ng mga gawain at misyon ng Simbahan, tahanan, trabaho, at komunidad. Tulungan mo akong mabatid na ang mga simpleng gawaing ito ay may kabuluhan sa kawalang-hanggan kung iaalay ayon sa iyong kaluwalhatian at kabanalan ng buong Simbahan. At ipinagkakatiwala ko rin sa iyong lingap ang mga pari at ang mga namanata na ilaan ang sarili sa Diyos sa ordinasyon at sa pagpapahayag ng banal na panata. Sa iyong pamamagitan at halimbawa, nawa'y umangat kami at maging tapat sa aming mga tungkulin para ipaalam ang kaharian ng Diyos sa sanlibutan at mamayani ang kaharian ni Kristo sa aming mga puso.

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67





Ikalimang Araw

ANG PAGKAKITA SA ATING PANGINOON SA TEMPLO

Tema: Pagtalima

Panalangin sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Taun-taon, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Jesus ay pumupunta sa Jerusalem. At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila’y umuwi na. Nagpaiwan si Jesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakala ng isa na si Jesus ang kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghaponing paglalakbay. Nang malaman nila na hindi siya kasama, siya’y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala. Hindi nila siya matagpuan, kaya’t bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Jesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan. Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya’y makita. Sinabi ng kanyang ina, “Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo.” Sumagot siya, “Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na ako’y dapat na nasa bahay ng aking Ama?” Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.

Siya’y umuwing kasama nila sa Nazaret, at nagging isang masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iniingat ng kanyang ina sa kanyang puso. (Lukas 2: 41-51)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Ang nasaksihan ng iyong mga mata ay pinagnilayan ng iyong puso. Anuman ang hindi naintindihan ng iyong isip ay itinago at isinuko sa mahiwagang plano ng Diyos, sa pagtanto na ang kakulangan ng tao, ay pupunuan at gagawing perpekto ng banal na biyaya.

O Maria, aming Tagapamagitan ng tanang Biyaya, dahil sa iyong pananampalataya sa plano ng Diyos, pinagsikapan mong hanapin ang kaloob ng Panginoon at biniyayaan ka na maging kaisa sa kanyang gawaing pangkaligtasan mula sa sanggol sa iyong sinapupunan hanggang sa kanyang libingan. Hindi humiwalay ang iyong puso sa kanya at kahit sa Krus, kaisa ang iyong puso sa kanyang sakripisyo, at malugod na tinanggap ang handog ng Banal na Tupa na mismong ikaw ang nagsilang. Isang kasawian na sa gitna ng mga problema't pagsubok, madalas kaming lumalayo sa Ipinakong Panginoon, at ipinagpapalit ang bigat ng kanyang Krus sa mga panandaliang kasiyahan at kaginhawahan ng mundo. Ituro mo sa amin sa pamamagitan ng iyong sakdal-linis na puso na hanapin namin Siya gaya ng paghahanap mo kahit sa gitna ng mga peligro at sakripisyo. At sa paggawano, ang Salitang matatanggap namin sa mga sakramento ay maisapuso nawa sa mga gawaing Kristiyanano at mapanatili ang presensiya ng Diyos sa mga pusong makikilala namin sa araw-araw.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67



Ikaanim na Araw

ANG KASAL SA KANA

Tema: Tagapagpamagitan
Panalangin sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Pagkalipas ng dalawang araw, may kasalan sa Cana, Galilea, at naroon ang ina ni Jesus. Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay naroon din. Kinapos ng alak kaya't sinabi ng ina ni Jesus sa kanya, "Naubusan sila ng alak." Sinabi ni Jesus, "Huwag niyo akong pangunahan, Ginang! Hindi pa ito ang panahon ko." Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod, "Gawin ninyo ang anumang sabihan nya sa inyo." (Juan 2: 1-5)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Paulit-ulit mong ipinakita sa amin ang pagiging maalalahaning Ina. Ang iyong maternal na malasakit ay nangingibabaw sa lahat kahit sa mga pansamantala at ispiritwal na biyaya kahit hindi man namin hinihingi. Kahit naganap na ang pag-aakyat sa iyo sa langit, hindi mo kinalimutan ang iyong maka-inang gawain, at ang iyong walang sawa na pamamagitan ay nagsilbing handog para sa aming walang-hanggang kaligtasan.

Kaya't ngayon, dumudulog ako, aking Tagapagtanggol, aking Katuwang, at ang aking makapangyarihang Tagapamagitan sa harap ng aming Panginoong Hesus! Sa iyong paanan inilalatag ko ang lahat ng pansariling ala-ala, mga sakit at tagumpay ng aking pamilya at personal na buhay. Dasal ko, O Ina, na ang mga pangyayaring ito na iniaalay ko kay Kristo sa pamamagitan ng iyong mga kamay ay magsilbing handog at magpakita ng magandang halimbawa para ang iba'y mabuhay nang banal at magsakripisyo para sa ikalulugod ng Panginoon. Tulungan mo akong mapagtanto na sa pagtugon sa kagustuhan ng iyong Anak, bawat hiling ay hating-kaloob na; at ang tunay na kaganapan ng aming mga dasal, ay ang tularan ang imahe ni Hesus, ang iyong Anak.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67





Ikapitong Araw

MAGNIFICAT

*Tema: Mga Usapin sa Lipunan at Kapaligiran
Panalangin sa Araw-araw na Nobena, p. 47*

NAMUMUNO: Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapagiyarian – Banal ang kanyang pangalan! Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig. Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan. Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono. At itinaas ang mga nasa abang kalagayan. Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom. At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. (Lukas 1: 48-53)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Ikaw ang salamin ng banal na katarungan na nagpapamalas ng maraming pamamaraan ng Diyos. Sa iyong kahirapan, pinili ka ng Diyos na bitbitin ang kanyang pinakamagandang handog na ibinigay sa tao. At sa iyong hangad na matamo ang kabanalan ng Diyos, binigyan ka ng pribilehiyo na maging Ina ng Anak ng Diyos, mahal na anak ng Ama, templo ng Banal na Espiritu, at Ina ng biyaya naming lahat.

O Maria, Tagapamagitan at Tagapagtanggol ng mga mahihirap, ipagdasal mo na ang mga biyaya na natatanggap ko kay Kristo mula sa iyong pamamagitan ay magsilbing lakas para magtatag ng lipunan ng katarungan, pagmamahal, kapayapaan, at kalinga sa kalikasan. Tulungan mo akong maintindihan na ang pinakamalaking pasasalamat para sa Diyos ay hindi sa nararamdaman kundi sa pagtulong sa kapwa. Nawa'y matupad ko ang pangakong ipaglaban ang mga naaapi, palakasin ang loob ng mga mahihirap, at kalingain ang mga likha ayon sa aking makakaya at kayamanan gaya nang ipinamalas ng Diyos sa kanyang mga nilikha na nahuhuli, nawawala, at nabababale-wala sa lipunan. Gawin mo akong tanglaw ng kapangyarihan ni Hesus kung saan ang lahat ng nilikha ay matubos mula sa kaapihan at kabuktutan tungo sa kalayaan at kaluwalhatian ng mga totoong anak ng Diyos.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67





Ikawalong Araw

SA PAANAN NG KRUS

Tema: Pagtitiwala

Panalangin sa Araw-araw na Nobena, p. 47

NAMUMUNO: Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae nitong si Maria, na asawa ni Cleopas. Naroon din si Maria Magdalena. Nang makita ni Jesus ang kanyang Ina, at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito, kanyang sinabi, “Ginang, narito ang iyong anak!” At sinabi sa alagad, “Narito ang iyong Ina!” Mula noon, siya’y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay. (Juan 19: 25-27)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Sa pagsunod ng buong puso sa nais ng Diyos, inilaan mo ang iyong buong sarili na maging bahagi ng gawaing pagliligtas ng iyong Anak. Sa ilalim ng anino ng mapagsalbang Krus, ipinagkatiwala ni Hesukristo sa iyo bilang aming ina at tagapagtanggol Niya. Sa Krus, ipinanganak kami bilang iyong mga anak at ika’y naging aming Ina.

Ipamalas mo sa akin ang pagiging Ina, O Maria! Nagtiwala at nakinig Siya sa iyo na siyang nagtakda sa iyo bilang aming Tagapamagitan sa kanyang huling hininga. Ipagdasal mo ako na hindi mahumaling sa mga huwad

na mukha ng kabutihan at sa kabuktutan ng kasalanan. Ipagdasal mo ang aming bansa at mga Kristiyanong pamilya na magkaroon ng “munting Simbahan” kung saan ang misteryo ng paghahari ni Kristo ay sinasalamin at binibigyang buhay. Kami na kilala mo sa aming mga pangalan, pakinggan ang aming pansariling hiling, O Maria aming Ina, lalo na ang mga kahilingan na bumabagabag sa aming mga puso ngayon. Tulungan mo kaming tularan si Hesus, na sa kabila ng kanyang pagpapakasakit at pagkamatay ay pinagkatiwala pa rin Niya ang kanyang Espiritu sa Diyos Ama na hindi siya nilisan hanggang sa kanyang Muling Pagkabuhay. Nawa’y makita namin ang liwanag sa dulo ng aming mga takot at pasakit, na may bagong buhay na naghihintay pagkatapos ng kadiliman at kahirapan.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67





Ikasiyam na Araw

ANG PAGPANAOG NG BANAL NA ESPIRITU

*Tema: Ang Simbahan at ang Mahal na Birheng Maria
Panalangin sa Araw-araw na Nobena, p. 47*

NAMUMUNO: Ang mga apostol ay nagbalik sa Jerusalem buhat sa Bundok ng Olibo, na halos isang kilometro ang layo. Ang mga ito'y sina Pedro, Juan, Santiago, Andres, Felipe, Tomas, Bartolome, Mateo, Santiago na anak ni Alfeo, si Simon, ang Makabayan, at si Judas na anak ni Santiago. Pagdating sa kanilang tinutuluyan na lunsod, nagtuloy sila sa silid sa itaas. Lagi silang nagsasama-sama sa pananalangin, kasama ang mga babae at si Mariang Ina ni Jesus, gayon din ang mga kapatid ni Jesus.

Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, nagtipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagnot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. (Mga Gawa 1: 12-14, 2: 1-4)

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya

BAYAN: Sa pamamagitan ng Simbahan, natanggap namin ang patuloy na pagkalinga ng iyong pagiging Ina. Bilang Ina, ang iyong hiling ay kaisa ng Simbahan, na ang Sambayanan ng Diyos ay masayang magkatipon sa kapayapaan at pagkakaisa sa ilalim ng iisang Diyos at iisang Pastol.

Ipanalangin mo ako, O Ina, na makita ang kadakilaan ng aking kapwa-tao bilang mga kapatid kay Kristo. Ipagkaloob mo sa akin ang biyaya ng pagkilala na ang pakikipagkapwa ay isang hakbang tungo sa Kristiyanong pagkakaisa, at pagkilala na ang katotohanan at kabutihang naghahari sa bawat isa ay mahalagang sangkap tungo sa ganap na pagkakasundo. Nawa'y hindi magdulot ng pagkawatak watak ang aming mga pagkakaiba, sa halip ay mapagyaman ang aming hangad para sa katotohanan at kabutihan hanggang makamantan ang pagkakaisang itinuro ni Kristo, isang Kawan ng isang Pastol sa takdang panahon ng Diyos. Nawa ang Banal na Espiritu, ang Kaluluwa ng Simbahan, ang siyang mag-ugnay sa iba't ibang kultura at wika, at magbuklod sa aming lahat at magpahayag ng Mabuting Balita sa iba't ibang pamamaraan.

(Saglit na katahimikan)

NAMUMUNO: Sa katahimikan, ialay natin sa Diyos na dinggin ang ating personal na kahilingan sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya. *(Magdasal ng 1 Ama Namin, 1 Aba Ginoong Maria, at 1 Luwalhati)*

Panalangin ng Pasasalamat, pahina 67



PANALANGIN NG PASASALAMAT

NAMUMUNO: O Maria, Ina ng Diyos at aming Ina,
BAYAN: Sa pagdaan ng maraming siglo, pinatunayan ang bisa ng iyong pamamagitan sa mga personal na hiling ng mga mananampalataya at sa kapakanan ng Simbahan sa pangkalahatan. Dahil sa iyong mga panalangin, nanalo ang mga laban, naglaho ang mga salot, nakilala ang Diyos ng mga hindi naniniwala, at nanatili ang kapayapaan sa mga pamilya at mga bansa. Dahil sa iyong pagmamahal bilang Ina, hindi mo nalimutang kami ay kalingain, kaming mga kapatid ng iyong Anak na si Hesus na naglalakbay sa mundo at patuloy na nagsusumikap maging banal sa pamamagitan ng pagsugpo sa kasalanan. Habang sinusulyapan ka namin sa iyong pagningning sa buong Simbahan bilang aming huwaran ng pagsunod kay Kristo, at sa pagninilay namin sa iyong gampanin bilang Tagapamagitan ng Salitang-Naging-Tao, puspos ng galak ang aming mga puso sa iyong pagiging Ina namin. Sa kabila ng mga panganib at kawalang-katiyakan sa mga daang tinatahak namin, ang aming mga puso'y payapa dahil naririyang ka, at

naririnig mo ang aming mga daing at nangangakong hindi kami pababayaan. Manatili ka, O Mahal na Ina, na maging aming tagapagpamagitan at dalhin mo ang aming pangangailangan sa Kanya at patuloy naming aalalahanin ang iyong bilin “Gawin ninyo ang anumang sabihin Niya sa inyo” (Juan. 2:5)

NAMUMUNO: O Maria, Tagapamagitan ng Tanang Biyaya,

BAYAN: ika’y naging aming Ina sa Kalbaryo dahil sa biyaya. Itinalaga ng Diyos na ang iyong puso ay maging kabahagi ng sinapit na kalupitan ni Hesus. Ang puso ring ito ay kabahagi sa pamamagitan at pagsasabuhay ng mga bunga ng pagtubos sa kasalanan. Kabigin mo kami sa yakap ng iyong puso at buksan mo sa amin ang yaman ng mapagligtas na biyaya ni Kristo. Habang dumaraing ang kalikasan at ang sangkatauhan dahil sa aming pagsuway sa Diyos, itinataas namin ang aming mga bukas na palad na sumasamo sa biyaya ni Kristo: ang biyaya na nagbubuklod sa amin sa Diyos, nagpapalaya sa aming pagka-alipin sa kasalanan, at gumagamot sa mga sugat ng aming katawa’t kaluluwa.

Panibaguhin mo ang kahanga-hangang gawa ng kabutihan mo gaya ng dati, O Makapangyarihang Tagapamagitan ng Biyaya at ipagkaloob sa amin mula kay Hesus, kung ito ay para sa kabutihan ng aming mga kaluluwa, ang tanging biyayang hinihiling namin, upang sa buhay man o kamatayan, kami’y makapahinga sa iyong mapagkalingang yakap. Amen.



PANGWAKAS NA AWIT: SA IYO, TAGAPAMAGITAN NG TANANG BIYAYA

Salita ni: Sr. Mary Teresa Sideco, OCD
Pagsasalin ni: Sr Mary Fides Realubit, OCD

Musika ni: Milo Ocampo
Areglo ni: Louie Ocampo

Kaaya-aya at Madasalin

Am Em Am Dm⁷ G⁷

Sa 'king pag-i - i - sa I - sang ma - a - mong ti-nig Ang

6 Em Am Dm⁷ G⁷ E/G# Am Am

a - king na - ri - nig Ma - su-yong ta-wag ng la-ngit Mu-la sa 'yo I - na.

12 F G/F Em Am Dm

O Ma-ri - ang ma-ning-ning sa pi - ling mo a-ko'y dal-hin Sul - yap sa 'yong muk-

17 E Am/C Am F F G/F

ha Pu - so'y pu - no ng pag - a - sa. O Ma-ri - ang ma-ning-ning sa

22 Em Am Dm E rit. . . Am

pi - ling mo a-ko'y dal - hin. I - yong pag-ma - ma - hal a-king ta-ning hi - ling.

27 Am Em Am Dm G⁷

Pag - i - big mo'y lu - bos, la - hat da-ma ang ya-kap mo Ma

32 Em Am Dm⁷ G⁷ E/G Am

nga na-li - li - gaw Sa tu-long mo'y ha-nap ang Diyos Nag-ba-ba-lik lo - ob.

37 F F G/F Em Am Dm


O Ta-ga - pa - ma - gi - tan ng La-hat ng Bi-ya - ya. Ngi - ti mo sa a -

43 E Am/C Am F F G/F
 mi'y, ka - ga - li - ngan na - ming lu - bos. O Ta - ga - pa - ma - gi - tan_____

48 Em Am Dm⁷ E rit. . . . Am
 ng La - hat ng Bi - ya - ya. Ka - li - nga Mo ka - mi sa dusa at sa - ya. _____ Ma

54 Em Am Dm⁷ G Em
 ri - a tang - ga - pin pag - a - a - lay ng bu - hay ko Nang sang - ka - ta - u -

59 Am Dm⁷ E⁷ rit. . . . Am
 han Ma - na - han sa Diyos A - ma sa pa - ma - ma - gi - tan Mo. _____



<https://youtu.be/D-11OV9V6o8>



NOVENA

SA PAGTAHOD
KANG BIRHEN

MARIA,

TIGPATUNGA SA
TANANG GRASYA



CENTRAL SEMINARY
UNIVERSITY OF SANTO TOMAS
MANILA, PHILIPPINES



MENSAHE


October 7, 2021

Kini nga Novena sa Pagtahod kang Birhen Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya nagpahinumdom kanato nga natawo kita isip mga anak ni Maria sa ilawom sa tilan sa krus ni Kristo. Kusug ko nga girekomenda nga mapahimuslan nimo ang imong kopya ug madasig sa pag-ampo sa novena pinaagi ni Birheng Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya.

Ang novena nagmatinud-anon sa pagtudlo sa Simbahang Katoliko mahitungod sa Mahal nga Birhen Maria ug makit-an sa Bibliya nga nahisulat dinhi sa novena nga gipakita ang papel ni Maria sa atong kasaysayan sa kaluwasan. Ang kasaysayan sa kaluwasan giladlad sa atong atubangan ug ang pagkamatinumanon ni Maria usa ka pahinumdom alang kanato nga bisan sa kahuyang sa atong kinaiyahan, ang Grasya sa Dios labi nga mas makagagahum sa atong mga kahuyang sama sa gipakita sa kinabuhi sa atong Mahal nga Birhen Maria. Ang mga kalidad ni Maria ingon Tigpatunga sa Tanang Grasya nagpakita kanato nga ang tuburan sa tanang grasya mao ang kaayo sa Dios kanato.

Ang bersyon nga Cebuano siguradong makahikap sa usa ka hinungdanon kaayo nga kinauyokan sa imong pagsalig. Kung ang mga pag-ampo ipahayag sa kaugalingon natong sinultian, gisulti kini sa atong kasingkasing. Palihug sigurado nga aduna kay kopya sa Novena sa Pagtahod kang Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya aron kini magdala kanimo nga labi ka mahiduul kang Kristo. Kini sama sa usa ka purtahan nga imong giablihan karon, sa tabang ni Birhen Maria, aron makasulod ug makit-an si Kristo sa imong panaw sa kinabuhi.

Kini nga novena nagtudlo kanato nga mubalik kita sa gigikanan sa Tanang Grasya nga mao si Kristo.


Fr. Napoleon B. Sipalay, Jr. OP
Vice Rector
UST CENTRAL SEMINARY



PASIUNANG KANTA

XIII

O BIRHEN MARIA

(Original Cebuano version of "Immaculate Mother")

O Birhen Maria,
ig-ampo mo kami.
Sa mga panulay,
panlabanan mo kami.

Koro:
Ave, ave, ave, Maria.
Ave, ave, ave, Maria.

Bitoon sa dagat,
dan-agan mo kami.
Sa oras sa ikamatay,
panlabanan mo kami.

Maria kanimo
modangup man kami.
Sa buntag, sa udto,
sa hapon ug sa gabii.



ANG SANTO ROSARIO

XIV

LIDER: Maghimaya ka, Maria, napuno ka sa grasya, ang Ginoong Dios maanaa kanimo,

KATAWHAN: Bulahan ikaw sa babaye nga tanan, ug bulahan usab ang bunga sa tiyan mo nga si Jesus.

LIDER: Ginoo, ablihi ang akong mga ngabil.

(paghimo og usa ka gamay nga ilhanan sa krus sa mga ngabil)

KATAWHAN: Ug ang akong baba mosangyaw sa Imong himaya.

LIDER: Diyos, hatagi ko og panabang.

(paghimo og usa ka ilhanan sa krus sa kasagarang pamaagi)

KATAWHAN: Ginoo, pagdali sa pagtabang kanako.

LIDER: Himaya sa Amahan, ug sa Anak, ug sa Espiritu Santo.

KATAWHAN: Maingon sa sinugdan, karon ug sa gihapon, ug sa mga katuigan nga walay katapusan. Amen.

Mga Misteryo sa Kalipay

1. Ang Pagpanamkon ni Santa Maria sa Anak sa Dios
2. Ang Pagduaw ni Santa Maria kang Santa Isabel
3. Ang Pagkatawo sa Atong Ginoong Jesus nga anak sa Dios
4. Ang Paghalad sa Diosnong Bata nga si Jesus sa Templo
5. Ang Paghikaplag sa Diosnong Bata nga si Jesus sa Templo

Mga Misteryo sa Kahayag

1. Ang Pagpadayag ni Kristo sa Pagbunyag sa Jordan
2. Ang Pagpadayag ni Kristo sa Kasal sa Kana
3. Ang Pagpadayag ni Kristo sa Ginghamian sa Dios
4. Ang Pagpadayag ni Kristo sa Iyang Himaya sa Pagkausab sa Iyang Panagway
5. Ang Pagpadayag ni Kristo sa Iyang Pagmugna sa Eukaristiya



Mga Misteryo sa Kasakit

1. Ang Pag-antos sa Atong Ginoo didto sa Tanaman sa Getsemani
2. Ang Paggaid ug Paglapdos sa haliging bato sa atong Manunubos
3. Ang Pagpurongpurong sa Koronang Tunokon
4. Ang Pagpas-an sa Krus sa Atong Ginoo
5. Ang Paglansang sa Krus sa Atong Ginoo

Mga Misteryo sa Himaya

1. Ang Mahimayaong Pagkabanhaw sa Atong ginoo
2. Ang Pagsaka sa Langit sa Anak sa Dios
3. Ang Pagkunsad sa Espiritu Santo
4. Ang Pagpasaka sa Langit sa Bulahang Birhen Maria
5. Ang Pagpurongpurong sa Bulahang Birhen Maria



Litanya sa Pagtahod sa Mahal nga Birhen

Ginoo, kaloy-i kami

- ***Ginoo, kaloy-i kami***

Kristo, kaloy-i kami

- ***Kristo, kaloy-i kami***

Ginoo, kaloy-i kami

- ***Ginoo, kaloy-i kami***

Kristo, pamatia kami

- ***Kristo, pamatia kami***

Dios Amahan sa Langit

- ***Kaloy-i kami***

Dios Anak Manluluwas sa Kalibutan

- ***Kaloy-i kami***

Dios Espiritu Santo

- ***Kaloy-i kami***

Santa Trinidad, Dios nga Usa

- ***Kaloy-i kami***

Santa Maria, ***ig-ampo mo kami***

Santa nga Inahan sa Dios

Santa nga Birhen sa mga Birhen

Inahan ni Kristo

Inahan sa Simbahan

Inahan sa Kaluoy

Inahan sa Grasya sa Dios,

Inahan sa Paglaom

Inahan nga Pinakaputli
Inahan nga Pinakaulay
Inahan nga Wala Mahilabtan
Inahan nga Wala Mahugawan
Inahan nga Takos Higalahon
Inahan nga Takos Dayegon
Inahan sa Maayong Tambag
Inahan sa Atong Magbubuhat
Inahan sa Atong Manluluwas
Birhen nga Labing Maalam
Birhen nga Labing Halangdon
Birhen nga Labing Bantogan
Birhen nga Labing Gamhanan
Birhen nga Labing Maloloy-on
Birhen nga Labing Masaligon
Salamin sa Hustisya
Lingkoranan sa Kinaadman
Hinungdan sa Among Kalipay
Espirituhanong Sudlanan
Sudlanan sa Kadungganan
Gainusarang Sudlanan sa Paghalad
Rosa Mistika
Tore ni David,
Tore nga Garing
Balay nga Bulawan
Arka sa Kasabotan
Ganghaan sa Langit
Bitoon sa Kabuntagon

Kaayohan sa mga Masakiton
Dalangpanan sa mga Makasasala
Konsolasyon sa mga Migrante
Tagahupay sa mga Gaantos
Hinabang sa mga Kristiyano
Rayna sa mga Angheles
Rayna sa mga Patriyarka
Rayna sa mga Propeta
Rayna sa mga Apostoles
Rayna sa mga Martires
Rayna sa mga Kompesores
Rayna sa mga Birhen
Rayna sa Tanang Santos
Rayna nga Gipanamkon nga Walay Sala
Rayna nga Gisaka sa Langit
Rayna sa Santisima Rosaryo
Rayna sa Kalinaw
Rayna sa Pamilya

Kordero sa Dios, Ikaw ang nagawagtang sa sala sa kalibotan,

- *Pasayloa kami Ginoo.*

Kordero sa Dios, Ikaw ang nagawagtang sa sala sa kalibotan,

- *Maparaygong pamatia kami Ginoo.*

Kordero sa Dios, Ikaw ang nagawagtang sa sala sa kalibotan,

- *Kaloy-i kami Ginoo.*

LIDER: Rayna sa Santisima Rosaryo, ig-ampo mo kami.

KATAWHAN: Aron mahimo kaming takos sa mga saad ni Kristo.

LIDER: Mag-ampo kita.

KATAWHAN: O Diyos, kansang imong bugtong Anak, gumikan sa Iyang kinabuhi, kamatayon ug pagkabanhaw, gilukat alang kanamo ang mga gasa sa kinabuhing walay kahangtoran; itugot, nangamuyo kami Kanimo, nga pinaagi sa pagpamalandong namo sa mga misteryo sa Santos nga Rosaryo sa Bulahan nga Birhen Maria, mahimo kaming takos nga makasunod sa ilang kahulogan ug madawat namo ang ilang gisaad pinaagi ni Kristo among Ginoo.

Ilugway, O Ginoo, sa imong mga sulugoon ang Imong langitnong tabang, aron amo Kang pangitaon sa tibook namong kasingkasing ug aron madawat namo ang among mga pangamuyo.

Pamatia, O Ginoo, ang among mga pag-ampo, ug tugoti sa among mga anhing kauban ang pahulay dinha sa langit, ug sa Imong Simbahan ang kalinaw, pinaagi sa pagpangaliya sa Himayaong Birheng Maria ug sa katakos sa imong Anak, ang among Ginoong Jesukristo. Amen.



PAG-AMPO KANG SAN JOSE



LIDER: Kanimo, O bulahan nga San Jose, Nagadangop kami sa among kalisod.

KATAWHAN: Ug human namo pangayo-a ang panabang sa imong santa nga esposa, karon pangayoon usab namo ang imong panabang nga puno ang mga kasingkasing sa pagsalig.

Tungod niadtong kaluoy nga nakapaghiusa kanimo sa Putli nga Birhen nga Inahan sa Dios, ug tungod sa amahanong pag-atiman nimo kang Jesus sa bata pa siya, mangamuyo kami nga lingi-on sa imong mga maloloy-ong mata kining kabilin nga naangkon ni Jesukristo sa iyang dugo, ug sa pamaagi sa imong gahom ug kalig-on imo kami untang tabangan sa mga panginahanglan.

Panalipdi kami, O pinakamatinumanong magbalantay sa Diosnong Banay, ang pinili nga kabilin ni Jesukristo. Ipahilayo kanamo, O pinakamahigugmaong Amahan, ang tanang buling

sa kasaypanan ug kadautan. Tabangi kami gikan diha sa langit, O pinakabanggiitang tigpanalipod namo batok sa gahom sa kangitngitan. Ug maingon nga kanhi giluwag mo si Jesus sa bata pa siya sa pinakadako nga katalagman sa Iyang kinabuhi, ingon man usab panalipdi karon ang Santa Iglesia sa Dios sa mga limbong sa Iyang mga kaaway ug sa tanan nga mga kalisud. Bantayi kami kanunay sa ilawom sa imong pagsagop, aron sa pagsunod namo kanimo, ug dinasig sa imong panabang, mahimo kaming mabuhi nga dili makasasala, ug mamatay sa malipayong kamatayon, ug makadangat didto sa langit nga walay kataposan ang himaya. Amen.





XVI

PAG-AMPO MATAG
ADLAW SA NOVENA

(Galuhod)

LIDER: Ginoo, among Dios, Tuboran sa Tanang Grasya,

KATAWHAN: Miduol ako kanimo sa pag-usab nga gaampo, dili kay nituo ako sa akong katakos, apan sa imong kaluoy ug kamaayo isip akong Magmumugna ug Amahan. Isip usa ka kabos ug nanginahanglan, ang akong mga mata mihangad kanimo alang sa panabang sa akong mga panginahanglan ug paghumpay sa akong mga kaalaot. Samtang gigakos ko karon sa imong maantosong presensya, ang akong kasingkasing gaawas sa imong gugma ug kamanggihatagon.

Amahan, nahagba ko gikan sa grasya. Akong gitalikdan ang relasyon nga imong gitakda alang kanako sa akong Bawtismo sa akong pagpili sa hinakog nga mga pamaagi. Akong gipili ang dalan nga dili angayan sa anak sa Dios nga gitubos sa

bili sa dugo sa imong Anak, ang Iyang Kamatayon ug Pagkabanhaw. Tungod sa akong mga sala, ningkulo ko sa kaulaw, apan gidasig ko sa imong gugma nga maglaom kanimo, ug mapaubsanong gipangita ko ang imong kaluoy aron mahibalik ako sa grasya. Nungka nga imo kong gibiyaan, Ginoo, bisag ako kang gitalikdan, ug wala niundang sa paghunghong ang imong hapnooy nga tingog sa akong kasingkasing, nga ako mopauli ug makig-uli kanimo pinaagi kang Jesukristo, ang among Ginoo ug Tigpatunga kanimo.

Karong ako naka-amgo na sa imong kamaayo, nibalik na ang akong saktong pangisip ug andam na ko nga mahidlawong mangayo og pasaylo sa akong mga sayop nga binuhatan, aron mahibalik ang nabuak nga panaghigala ko kanimo, nga akong mahigugmahong Amahan, ug sa akong mga kaiguonan. Sa akong pagtahod aning novena alang sa Bulahang Birhen Maria, among Inahan ug Tigpatunga sa atubangan ni Jesus, hinaot unta nga akong matultolan ang mas labaw nga pagdayeg sa Pinakadakong Langitnong Grasya nga imong gihatag kanako, si Jesukristo Mismo, nga maoy tuboran sa tanan pang mga grasya nga gadagayday. Amen.



Unang Adlaw ANG PAGPAHAYAG

Tema: Bokasyon
Pag-ampo Matag Adlaw sa Novena, p. 83

LIDER: Sa ikaunom ka bulan sa pagmabdos ni Isabel, gipadala sa Diyos ang anghel nga si Gabriel ngadto sa usa ka siyudad sa Galilea nga ginganlag Nazaret, ngadto sa usa ka batan-ong dalaga nga sinayoran sa usa ka lalaki nga ginganlag Jose, nga kaliwat ni David. Maria ang ngalan sa babaye. Miadto ang anghel kang Maria ug miingon: “Paglipay! Gikahimut-an ka ug nagauban kanimo ang Ginoo!... Manamkon ka ug manganak og batang lalaki nga paganganlan mo’g Jesus...” Ug mitubag si Maria: “Sulugoon ako sa Ginoo, matuman dinhi kanako sumala sa imong gipamulong.” (Lucas 1: 26-28, 31, 38)

(Kadiyot nga kahilom)

Espesyal nga Pag-ampo sa Unang Adlaw

LIDER: O Birhen Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya

KATAWHAN: Sa kayano sa ordinaryong kinabuhi, gisangpit ka sa Diyos nga mosalmot sa iyang plano sa pagluwas sa kalibotan isip usa ka babaye ug inahan. Tungod sa imong pagsunod, ang Anak sa Diyos nahimong tawo susama sa

atong tanan, aron pinaagi sa iyang lawas mahimo niyang maluwas ang katawhan sa sala. O Maria, among Inahan, tabangi ko sa pag-aninag sa balaan nga binuhatan sa Dios samtang ginabuhat nako ang mga katungdanan sa akong kahintang sa kinabuhi, sa akong sekular nga propesyon ug mga kalibotanhong tulumanon, ug nga ako pod unta silang mahulma segun sa plano sa Dios, aron ako sad mahimong ang Iyang Pulong “matuman ang Imong kabubut-on.” Hinaot unta nga makat-onan nako ang pagsubay sa disenyo sa Ginoo alang kanako, ug nga akong masunod ang Iyang mga tambag pinaagi sa Simbahan. Hinaot unta sad nga mahalad nako ang akong kinabuhi sa Iyaha pinaagi sa masusing pagtuon sa Iyang Pulong sa Balaang Kasulatan, ug sa tibuok kasingkasing nga pagdawat sa Mga Sakramento, nga ang Pulong nga akong madawat gikan sa duha mahimong magdayag kanako pinaagi sa pagbag-o ug gugma nga putli.

(Kadiyot nga kahilom)

LIDER: Sa kahilom, karon atong ihalad ang mga kinaugalingong pangamuyo nga gipangandoy nato nga tubagon unta pinaagi kang Birhen Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya *(Pag-ampo ug usa ka Amahan Namò, usa ka Maghimaya ka Maria, ug usa ka Himaya sa Amahan)*

Pag-ampo sa Pagpasalamat – Page 103





Ikaduha ka Adlaw ANG PAGDUAW

Tema: Serbisyo
Pag-ampo Matag Adlaw sa Novena, p. 83

LIDER: Niadtong mga adlaw midali si Maria pagpanaw ngadto sa kabukiran, padulong sa usa ka lungsod sa Juda. Unya misulod siya sa balay ni Zacarias ug nangamusta kang Isabel. Sa pagkadungog ni Isabel sa pangamusta ni Maria, milukso ang bata sulod sa iyang sabakan ug napuno siya sa Espiritu Santo. Ug sa makusog nga tingog misinggit siya sa pag-ingon: “Bulahan ka sa mga babayeng tanan, ug bulahan ang bunga sa imong sabakan! Ug sa unsang pagkahitaboa nga ang inahan sa akong Ginoo miduaw man kanako? Tan-awa, sa pagkadungog ko sa imong pangumusta, ang bata sa akong sabakan milukso sa kalipay. Ug bulahan kadtong mitoo nga ang pulong sa Ginoo matuman diha kanim!” (Lucas 1: 39-45)

(Kadiyot nga kahilom)

Espesyal nga Pag-ampo sa Ikaduha ka Adlaw

LIDER: O Birhen Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya

KATAWHAN: Sa imong mahuyang nga kahimtang, wala ka nagduhaduha nga niadto sa layo nga bungtorong lugar aron motabang sa nanginahanglan mong ig-ayaw nga si

Isabel. Gigasahan ka og kaligdong isip inahan sa Anak sa Diyos, bulahan ka sa mga babaye, apan tungod sa maong pagkahalangdon, mas mabinantayon ka sa mga gihangyo sa kabos. Pinaagi sa imong ehemplo, pangayoa alang kanamo kang Jesus, ang grasya nga ang among mga tiil mosugod na og lakang padulong sa misyon sa pagsibya sa Maayong Balita labaw na ang mga naa intawon sa daplin sa katilingban. Labaw sa mga pulong, hinaot unta nga ang among pagsaksi alang kang Kristo mas hikit-an pinaagi sa pag-alagad sa mga kabos ug nanginahanglan, susama sa imong pagduaw kang Santa Isabel.

O Maria, Tigpatunga sa Tanang Grasya, among sulondan sa pagsalig ug kaluoy, tugoti ako nga mahimong tigdala og kalipay sa panimalay, ug sa katilingban, usa ka suga sa pag-alagad sa uban, nga dili hikalimtan nga ang gugma mogamot una sa panimalay ug mosanga ngadto sa komunidad.

(Kadiyot nga kahilom)

